


AALAGAAN KITA

Isang kwento ni Anna Manso para sa Centro de Servicios Sociales Raval Sud (Sentro ng mga Serbisyo sa Publiko ng Raval Sud)



Un conte d'Anna Manso per al Centre de Serveis Socials Raval Sud
Il·lustracions de Teresa Herrero



COMISSIÓ D'ACOMPANYAMENT
ALS INFANTS, ADOLESCENTS I JOVES
DEL RAVAL
EN SITUACIONS DE DESNONAMENT



Ajuntament
de Barcelona

Jo et cuidare

Un conte d'Anna Manso per al Centre de Serveis Socials Raval Sud
Il·lustracions de Teresa Herrero




1



Maliit at maganda ang bahay ko. Nakatira ako kasama ng aking nanay, tatay, kuya Sam, pusa kong si Garfi at si Nunu, ang kaibigan kong stuffed toy. Nakikita ko mula sa bintana ang plaza kung saan kami naglalaro pagkagaling sa paaralan at ang mga tao na naglalakad sa kalye. Gusto ko ang aming barrio, at pati na rin ang mga magulang ko. Pero ilang araw nang hindi dumudungaw sa bintana sina inay at itay. Nag-uusap sila sa mahinang boses tungkol sa pera at mukha silang nag-aalala. Parang may mabigat silang dinadala at inaalala.


2



Galing kami ni Sami sa paaralan at nadatnan namin si inay na umiiyak. May hawak siyang sulat at sinabi niya sa amin na nakatanggap siya ng isang masamang balita. Kinagabihan, nag-usap ulit sa mahinang boses ang mga magulang ko, pero narinig ko lahat ng sinasabi nila at kinabahan ako: kailangan naming umalis sa bahay! Pero mas nagulat si Nunu at sinabi ko na 'wag siyang mag-alala. Laging nakakahanap ng paraan sina inay at itay. Alam nila kung anong gagawin.

Jo et cuidare

Un conte d'Anna Manso per al Centre de Serveis Socials Raval Sud
Il·lustracions de Teresa Herrero



3



Pagod si Nunu dahil ilang araw na kaming pabalik-balik para humingi ng tulong. Pumunta kami sa isang tanggapan kahapon na tinatawag na Vivienda (Pabahay) at ngayong araw sa iba naman na tinatawag na Centro de Servicios Sociales (Sentro ng mga Serbisyo sa Publiko). Itatanong namin kung ano ang pwede naming gawin para hindi na namin kailangang umalis ng bahay. Nag-aalala ang mga tao sa tanggapan para sa amin at sinusubukan nilang tulungan kami. Gumagamit ang mga matatanda ng mga kumplikadong salita at wala akong naintindihan sa mga sinasabi nila, sobrang hirap lang kasi. Para sa akin, sobrang dali lang. Mananatili lang kami sa bahay at tapos na.


4



Hindi na kasingganda ng dati ang bahay namin. Nag-impake na sina inay at itay sakaling kailangan naming umalis sa huli. Ayokong nag-iimpake. Ayoko ring nagkakahon ng mga laruan at mga damit ni Nunu. Ayoko ring naghahanda ng isang backpack na gusto kong dalhin. Sinabi ko kay inay na ayaw ni Nunu na iimpake ang kaniyang mga gamit at sabi bigla ni inay: "Tama na. Aalis lang tayo dito kapag inubliga nila tayong umalis!"

Jo et cuidareé

Un conte d'Anna Manso per al Centre de Serveis Socials Raval Sud
Il·lustracions de Teresa Herrero



5



May mga taong ayaw kaming tulungan, pero may ibang tumutulong. Nagkaroon ng mga bagong kaibigan sina inay at itay. Mga kapitbahay sila sa barangay na nagsama-sama para magtulungan kapag may isang kailangang umalis ng bahay at ayaw nilang umalis. Kapag kasama nila ang mga bagong kaibigan nila, mas maganda ang pakiramdam nina itay at inay pagbalik ng bahay. Sabi ni Nunu, mabuti na lang may mabubuting tao sa barrio. Ganoon din ang tingin ko.


6



Ilang araw nang laging may tao sa bahay. Ayaw nina inay at itay na mabibigla kami kung kailangan naming umalis. At sa huli ay ganoon nga ang nangyari. Ngayon pa mismo na wala kaming pasok, may dumating na may dalang mga papel na nagsasabing hindi na kami pwedeng tumira dito. At pati mga taong galing sa Centro de Servicios Sociales, at tinatanong nila kung kumusta na kami ni Sam. Maraming kaibigan sa barrio ang nasa labas na tumututol na mapaalis kami sa aming bahay. Napakaingay at tinakpan ko ang tainga ni Nunu para hindi siya matakot. Pagkatapos, umalis kami ng bahay namin at napaluha ako. Niyakap ko nang mahigpit si Nunu para hindi niya makitang umiiyak ako.

Jo et cuidare

Un conte d'Anna Manso per al Centre de Serveis Socials Raval Sud
Il·lustracions de Teresa Herrero



7



Ngayon, sa isang bahay-panuluyan kami nakatira. Maganda siya, pero sama-sama kaming lahat sa isang kwarto. Nagkabit kami ng mga drawing sa pader. Pati na rin ang banig ko para sa paglalaro. Pero sa umaga, kapag may dumarating para maglinis, tinatanggal nila 'yong banig. Ayaw rin nila na natutulog si Nunu sa aking kama. Kinukuha nila siya at pinapaupo sa upuan, at siyempre, iba iyon. Walang kusina at kumakain kami sa isang bar o bumibili kami ng lutoang pagkain sa isang supermarket at kinakain namin ito sa kwarto. Kakaiba lahat, pero sabi nina itay at inay na masasanay rin kami.


8



Pagkalabas sa paaralan, hindi na kami naglalaro sa plaza. Sobrang layo ng bahay-panuluyan at kailangan naming sumakay ng metro para makarating doon. Sa kwarto sa bahay-panuluyan, kailangan ni Sami na gumawa ng mga takdang aralin sa isang napakaliit na mesa. At sa sahig ako nagdo-drawing dahil wala nang espasyo. Sa ibang kwarto, may iba-ibang klase ng tao at ang ilan sa kanila ay medyo kakatwa. Mabuti na lang, may isang pamilya na may mga bata tulad namin at naging magkaibigan kami. Iniisip naming lahat na talagang hindi patas ang nangyari sa amin at gusto naming bumalik sa aming bahay. Naglalaro rin kami sa pasilyo at sabi nila na si Nunu ang pinakamagandang stuffed toy sa mundo. At sang-ayon ako sa kanila.

Jo et cuidare

Un conte d'Anna Manso per al Centre de Serveis Socials Raval Sud
Il·lustracions de Teresa Herrero



9



Umuulan ngayong araw at masama ang loob ko. Hindi ko magamit ang mga bota ko dahil nakatago ang mga iyon sa mga kahon kung nasaan ang lahat ng gamit namin. At nasa ibang lugar ang mga kahon at hindi kami pwedeng pumunta doon ngayon. Hindi ko rin mahanap ang kumot ni Nunu. Sabi ni itay, pupunta kami bukas sa storage at kukunin namin ang mga bota at kumot. Pero ngayon ko gustong makuha ang mga iyon. At gusto ko ring makita si Garfi. Bawal magkaroon ng pusa sa bahay-panuluyan at nakatira si Garfi sa isang shelter kasama ng ibang pusa. Ano kaya ang ginagawa ni Garfi? Matandaan niya kaya kami ni Nunu?

10



Masama a rin ang loob ko. At sabi ni Nunu na para itong sipon na nakakahawa. Ngayon lahat kami ay malungkot: Si Sami, inay, itay at ako. Tinatanong ko kung kailan kami babalik sa bahay pero hindi nila ako sinasagot. Sa gabi, pinapaakyat ako, si Sami at si Nunu nina inay at itay sa rooftop ng bahay-panuluyan. Gustong-gusto ko iyon. Mula roon, parang Christmas tree ang Barcelona dahil sa dami ng mga ilaw. Bumili sina itay at inay ng espesyal na pagkain at, noong natapos na kaming kumain, sinabi sa amin na hindi nila alam kung paano kami makakabalik. O kung kakailanganin naming pumunta sa ibang lugar. Pero lagi, lagi, lagi nila kaming aalagaan. Sa bahay-panuluyan, sa bahay o kahit saanman. Pagkatapos ay nagyakapan kami at biglang nawala ang sama ng loob ko. Noong humiga na ako sa kama para matulog, hinalikan ko si Nunu at binulong ko sa kaniya: “Nunu, aalagaan kita,” ngumiti siya at natulog.